1

# Sining

## Kwarter 4 – Modyul 4:
## Moldehin Sariling Hugis-Tao at Paggawa ng Maskara



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

HINDI IPINAGBIBILI

**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Moldehin Sariling Hugis-Tao at Paggawa ng Maskara (week 7-9)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jackie Lou L. Lacaste, Melanie B. Antonio

**Editor:** Anna Grace Gallardo

**Tagasuri:** Division Quality Assurance Team

**Tagaguhit:** Reynaldo A. Simple

**Tagalapat:** ________________

**Tagapamahala:** Estela R. Cariňo
Octavio Cabasag
Rizalino Caronan
______________Name of Regional ADM Coordinator
Ruby B. Maur
Cherry Grace Amin
______________Name of Division ADM Coordinator

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Moldehin Sariling Hugis-Tao

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Sining – Unang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Moldehin Sariling Hugis-tao**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin

ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Sining-Unang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Moldehin Sariling Hugis-tao**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang likhang sining ay nagpapakita ng kahusayan ng isang manlilikha gamit ang kanyang imahinasyon. Isa itong napakagandang biyaya na binigay sa atin ng lumikh na dapat nating gamitin at payabungin.

Gumagamit ang manlilikha ng iba't ibang kagamitan upang makabuo at makagawa ng sariling hugis-tao at maskara.

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Makalikha ng maskara at hugis ng tao gamit ang ibat-ibang niresiklong materyal tulad ng karton, papel, basket, dahon, tali, clay, cardboard, bilao, paper plate, buto, flour-salt mixture, paper mache at iba pang kagamitan. **(MELC A1PR-IVf-1, AIPR-IVg, A1PR-IVh)**

## Subukin

Panuto: Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay wasto at MALI kung ang pahayag ay di-wasto.

_____1. Ang clay ay maaaring gamitin upang makabuo ng iba't-ibang bagay.

_____2. Ang arina(flour)-asin(salt) ay maaring gamitin sa paggawa ng sariling hugis-tao.

_____3. Ang paper mache ay gawa sa mga lumang damit.

_____4. Ang karton ay hindi maaaring gamitin sa


paggawa ng maskara.

_____5. Ang pandikit o glue ay kailangan sa paggawa ng maskara at paper mache.

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, sagutin muna natin ito.

**Panuto:** Tukuyin kung ang larawan ay 2-Dimensyonal o 3-Dimensyonal na bagay. Isulat ang **2-D** sa patlang kung -ito ay 2-Dimensyonal at **3-D** kung ito ay 3-Dimensyonal.




____________________ 1.




____________________ 2.



____________________3.



____________________ 4.



____________________ 5.

## *Tuklasin*

**Panuto**: Pagmasdan ang larawan sa kabilang pahina. Pag-aralang mabuti ito pagkatapos sagutin ang mga tanong tungkol dito.



## *Suriin*

1. Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan?
2. Anong kagamitan ang kanilang ginamit upang makabuo ng hugis-tao?
3. Nasubukan mo na bang maglaro o gumamit ng ganitong materyal? Anong hugis o bagay naman ang iyong nabuo?

Maliban sa clay o luwad may iba pang mga materyal na maaaring iresiklo upang makalikha ng hugis-tao.

Ito ang sumusunod:



Ang **clay** ay maaaring gamitin upang makalikha ng magandang bagay tulad ng hugis-tao.

Halimbawa:



Kagamitan: clay, wire, aluminum foil at wire cutter

Pamamaraan:

1. Pumutol ng mga kawad gamit ang wire cutter. Gamitin ang kawad para makabuo ng hugis ng tao.
2. Gumawa ng hugis bola sa pamamagitan ng aluminum foil at ilagay sa kawad upang maging suporta sa mga malaking parte ng iyong modelo. Ito ay maaaring gamitin bilang ulo, torso, kamay, at paa.
3. Maglagay ng clay sa hugis na iyong ginawa.
4. Ayusin ang clay sa mga kawad at aluminum foil at nang sa ganon ay hindi ito makikita. Ihugis ang mga parte ng katawan at mukha.



Ang **arina (flour)-asin(salt) mixture** ay mga bagay na maaari ring gamitin upang makabuo ng hugis-tao.

<u>Mga Hakbang sa paggawa ng arina (flour) at asin (salt) mixture</u>

1. Paghaluin ang 1 tasa ng arina (flour), ½ tasa ng asin(salt) at ½ tasa ng tubig. Kapag gumamit ng food color tunawin muna ito sa tubig na ihahalo.
2. Imasa ng mabuti ang mga sangkap. Gawing parang bola. Kapag ito ay malagkit dagdagan ng kaunting arina at kapag ang minasa ay tuyo dagdagan ng kaunting tubig hanggang sa ito ay maari nang gamitin.



Ang **paper mache** ay maaari ring makabuo ng hugis-tao gamit ang mga lumang papel at diyaryo.

Halimbawa



Pamamaraan:

1. Gumawa ng balangkas ng isang tao sa pamamagitan ng binalumbong na dyaryo o papel.

2. Talian ang bahagi ng katawan upang manatili ang hugis at patuyuin ito sa isang kahoy.
3. Punit-punitin nang maliit ang lumang dyaryo o papel at ibabad sa tubig ng magdamagan.
4. Hanguin ang ibinabad na dyaryo o papel, pigain at pagkatapos ay dikdikin at ilagay sa isang lagayan.
5. Pagsamahin ang dinikdik na dyaryo o papel at pandikit at haluin.
6. Balutan ng dinikdik na papel o dyaryo ng may pandikit ang ginawang balangkas at ihugis nang maayos at makinis.
7. Patuyuin ang hinulmang tao at kulayan.

Iba pang kagamitan na maaaring gamitin sa paglikha ng hugis- tao.

| | | |
|---|---|---|
| karton | tali | buto |
| papel | cardboard | sticks |
| pasket | bilao | |
| dahon, | paper plate | |

Ang iba sa mga kagamitang nabanggit ay maaari ring gamitin sa paggawa ng maskara.

Halimbawa

Kaya mo bang tukuyin ang mga materyal na ginamit sa paggawa ng maskarang ito?

(paper plate, colored paper, stick)



Ang maskara ay karaniwang ginagamit sa mga pagdiriwang at mga dula-dulaan.

Ginagamit ito ng mga tao upang hindi agad makilala ang katauhan ng isang tao. Isinusuot ito upang masiyahan ang mga bata kung dumadalo sila sa isang Birthday Party .

Sa dula-dulaan naman, nagsusuot ng maskara upang maipakita kung ano ang katauhan ng isang tao o hayop.Ipinapakita kung anong hayop siya.

## *Pagyamanin*

- Gawain 1

Masdang maigi ang bawat larawan. Pag-aralang mabuti ito pagkatapos sagutin ang mga tanong sa bawat bilang.


A


B


C


D

1. Aling maskara ang ginamitan ng platong papel?

2. Aling maskara ang may hugis hayop? Tukuyin kung anong hayop ito.

3. Anong materyales gawa ang mascara D?


4. Aling maskara ang karaniwang ginagamit sa mga parada ng pagdiriwang?

5. Aling maskara ang ginamitan ng popsicle stick?

- Gawain 2

  Panuto: Tukuyin ang mga materyal na maaaring gamitin sa paglikha o pagmolde ng hugis-tao. Bilugan ang mga ito. Lagyan naman ng ekis kung hindi.















## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.

Sa Modyul na ito, natutunan ko na maaring gamitin ang __________,____________________, at_________ upang makagawa ng sariling hugis tao.

| arina (flour)-asin(salt) mixture, Paper mache, clay |
|---|



## *Isagawa*

Upang malaman kung ikaw ay may natutunan sa Modyul na ito, isagawa ang panuto na nakasaad.

Panuto: Narito ang mga hakbang sa ppagawa ng maskara, sundin ang mga ito ayon sa pagkasunod-sunod.

____ Kumuha ng kapirasong karton na kasinlaki ng mukha, gunting, tali at krayola.

__ Gumuhit ng hugis mukha na may mata, bibig at anumang naisin na disenyo.

____ Kulayan ang nagawang maskara ayon sa kagustuhan.

____ Gupitin na sinusundan ang hugis ng mukha, mga mata at bibig.

______ Lagyan ng tali sa magkabilang tainga.

Kung nagawa mo ito handa ka nang sumali sa parada ng mascara.


Sumangguni sa rubric sa pahina 13 para sa iyong sariling pagtataya ng iyong likhang-sining.

## *Tayahin*

Ang bahaging ito ng modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng 3-5, magpatuloy, 0-2, ulitin ang Modyul.


Panuto: Suriing mabuti ang mga larawan. Lagyan ng bilang 1-4 ayon sa pagkakasunud-sunod sa tamang hakbang ng paggawa ng isang maskara.

Isulat ang bilang sa loob ng bilog sa ibaba ng ng larawan.









## *Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, ikaw ay gagawa ng sining mula sa iyong natutunan.

Gumawa ng sariling hugis tao, mamili kung ito ay gawa sa clay, arina(flour)-asin(salt) o paper mache.

Narito ang rubrik ng iyong likhang-sining.

**Rubric**

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Natapos sa takdang oras, malinis at kaaya-aya | 5 |
| Malinis at kaaaya-aya ngunit hindi natapos sa takdang oras | 4 |
| Natapos sa takdang oras ngunit hindi malinis at kaaya-aya. | 3 |
| Hindi natapos sa takdang oras at hindi malinis at kaaya-aya | 2 |
| Nakagawa ngunit hindi natapos sa takdang oras | 1 |
| Hindi nakagawa ng likhang-sining | 0 |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan |
|---|---|
| 1. Tama | 1. 3-D |
| 2. Tama | 2. 2-D |
| 3. Mali | 3. 3-D |
| 4. Mali | 4. 2-D |
| 5. Tama | 5. 3-D |

Pagyamanin

Gawain 1

1. C
2. A
3. karton
4. B
5. C

Gawain 2








Pagtataya



4



1



3



2

# *Sanggunian*

Arts K to 12 Curriculum Guide, page 15 of 102

MAPEH Learner's Materials 2

Enjoying MAPEH (Brilliant Creations Publishing INC.

Author: Maria Tricia C. Montinola

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph